CONSULATE GENERAL OF THE REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
SHANGHAI

# CHRISTMAS MESSAGE 2016

**Mga minamahal kong kababayan sa Shanghai, Anhui, Hubei, Jiangsu at Zhejiang:**

Sa ngalan ng lahat ng bumubuo ng Konsuladong Pangkalahatan ng Pilipinas sa Shanghai, nais kong batiin kayong lahat ng maligayang Pasko at masaganang pagpasok ng 2017. Nawa'y ang ating pagdiriwang sa mga sumusunod na araw at linggo ay tumuon sa paggunita ng tanging dahilan sa pagdiriwang ng Pasko --- ang pagsilang ng Tagapagligtas.

Tulad ng pamilyang Nazareno na naglakbay tungo sa Betlehem, tayo rin ay nangaratig bayan at lumayo sa ating mahal na Pilipinas. At tulad din ng pamilyang iyon, sana'y lagi tayong gabayan ng liwanag ng tala, na siyang simbolo ng pag-asa at pagmamahal ng Panginoon, patungo sa anumang landas na ating tinatahak, lalung lalo na ngayong Pasko.

Kasabay ng biyaya at saya, nalampasan din natin ang iba't ibang mga unos ngayong taon. Gayumpaman, bilang isang bayan, naitaguyod natin ng may dangal ang ating adhikaing sama-samang humubog ng isang Pilipinas na mapayapa at nagkakaisa. Nakita natin ito sa ating paghalal ng ating mga bagong lider --- mula Pangulo hanggang baragay captain, ay tayo ang siyang pumili ng mga opisyal na sya namang ating inaasahang ipagpatuloy ang ating sama-samang pagtahak tungo sa nagkakaisang Pilipinas. Ito ay nagpapakita na ang demokrasya ay buhay at nananaig sa ating bansa.

Hindi pa man buo at ganap, unti-unti na nating nasasaksihan ang pagbabago at patuloy na pag-unlad. Hindi maikakaila na ang pagiging matatag, matapat, at ang pagbabayanihan ng bawat Pilipino ang siyang bumubuklod sa ating lahat at nagdudulot ng liwanag ng pag-asa sa bawat isa.

Sa pagpasok naman ng 2017, nawa'y mas lalo pang mapagyaman ang mga magagandang katangiang ito. At nawa'y biyayaan at tumamasa tayo ng kasiyahan at kapayapaan sa mga darating pang taon. Ipinagdarasal din namin ang kasaganahan at maayos na kalusugan para sa inyo at inyong mga minamahal. Patuloy nating dalhin ang isang positibong pananaw patungo sa pag-unlad ng ating bansang Pilipinas at nawa'y ito'y magsimula sa bawat isa sa atin.

Maligayang Pasko at Manibagong Bagong Taon sa ating lahat.

Shanghai, Disyembre 2016

**WILFREDO R. CUYUGAN**
Punong Konsul

Suite 301, Metrobank Plaza, No.1160 West Yan'an Road, Changning District, Shanghai 200052 China
Tel: (+8621) 6281-8020; Fax: (+8621) 6281-8023
www.shanghaipcg.dfa.gov.ph; shanghai.pcg@dfa.gov.ph